# Nagsabi si Allah-Kamahal-mahalan siya at Kapita-pitagan-Ang mga Nagmamahalan sa Kadakilaan ko,Sa kanila ay may matataas na antas mula sa liwanag,Kina-iinggitan sila ng mga Propeta at ng mga Martir.

Ayon kay Mu`ādh bin Jabal, malugod si Allah sa kanya.Buhat sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Siya ay nagsabi:((Nagsabi si Allah-Kamahal-mahalan siya at Kapita-pitagan-Ang mga Nagmamahalan sa Kadakilaan ko,Sa kanila ay may matataas na antas mula sa liwanag,Kina-iinggitan sila ng mga Propeta at ng mga Martir.))
[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ipinapaalam ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-mula sa saisalaysay sa kanya buhat sa Panginoon Niya-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan-tungkol sa mga taong mananampalataya,na sa kanila sa Araw ng Pagkabuhay ay mayroon silang matataas na Antas o pook na mataas,umuupo sila rito bilang Pagpaparangal mula kay Allah sa kanila,at ito ay dahil sa sila ay nagmahalan para sa landas ni Allah bilang Pagdadakila sa Kanya-Napakamaluwalhati Niya,At nagmahalan sila sa pagitan nila dahil sa pagkakaisa nila sa pananampalataya,Hanggang sa pinangarap ng mga Propeta-sumakanila ang pangangalaga-na mapabilang sila sa mga Antas nila,Ngunit hindi ito nararapat kahit na sila ang pinakamainam sa mga Propeta-Sumakanila ang pangangalaga-,Sapagkat ang Kainaman para sa iilan ay hindi ipinagkakaloob sa Kainaman para sa pangkalahatan.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee